
## Banghay-Aralin sa Kinder

**May-Akda** **Marie Josielle De Guzman**
**Designation** **Teacher I**
**Paaralan** **Jacinto Zamora Elementary School**




**I. Layunin**

Oral Language

1. Ask questions about stories
2. Express thoughts, feelings, fears, ideas, wishes, and dreams
3. Participate actively in a dialog or conversation of familiar topics

Listening Comprehension

4. Listen attentively to stories
5. Recall details of the story: characters, when and where the stories happened, and the events in story listened to

Pagpapaunlad ng Kakayahang Sosyo-emosyonal

6. Nakikilala ang sariling gusto at di-gusto
7. Naipakikita ang pag-unawa sa nangyayari o kasalukuyang sitwasyon at nakapaghihintay sa tamang oras na matugunan ang gusto/pangangailangan

Pakikisalamuha sa Iba Bilang Kasapi ng Pamilya

8. Natutukoy na may pamilya ang bawat isa
9. Nailalarawan kung paano nagkakaiba at nagkakatulad ang bawat pamilya

**II. Paksang Aralin**

1. ***Content Focus:*** Ako ay may pamilya.
2. ***Mensahe:*** Ang aking pamilya ay kakaiba sa iba-ibang paraan.
3. ***Pamagat:*** "Papa's House, Mama's House"
4. ***May-akda***: Jean Lee C. Patindol
5. ***May-guhit:*** Mark N. Salvatus III

**III. Pamamaraan**

1. **Paghawan ng Balakid**

| Salita | Pamamaraan |
|---|---|
| 1. *Tren* | ipapakita ng larawan ng tren na naglalakbay sa lupa |
| 2. *eroplano* | ipapakita ang larawan ng isang eroplano na naglalakbay sa himpapawid/langit |
| 3. *pasta* | pagpapakita ng mga larawan ng pasta tulad ng macaroni at spaghetti |
| 4. *ensalada* | ipapakita ang larawan ng iba't ibang ensalada |
| 5. *porkchops* | ipapakita ang larawan ng porkchops at tatanungin kung sino na ang nakakain ng porkchops |
| 6. *kahel* | pagpapakita ng mga bagay na kulay-kahel tulad ng orange, bola ng basketball, damit na kahel |
| 7. *lunian* | pagpapakita ng kulay luntian at mga bagay na kulay-luntian tulad ng dahon. Paghahaluin ang kulay luntian at kulay itim na poster paint upang makita ang hindi kaaya-ayang kulay na kalalabasan ayon sa kwento |

2. **Pagganyak**
   a. Motivation Question: Ilang bahay ang inyong tinitirahan?
   b. Motive Question: Ilan kaya ang bahay ng bida sa ating kwento?



Copyright © 2017 by Ayala Foundation

**3. Pagbasa ng Kuwento**

Mode of Delivery: Gagamitin ang istratehiyang Interactive Read Aloud kung saan hihinto ang guro sa mga bahagi ng kuwentong maaaring magtanong upang higit na maunawaan ng mga bata ang napakikinggan.


Halimbawa ng mga tanong:

1. Ilang araw ang mga bida sa bahay ng kanilang mama? Ilan naman sa kanilang papa?
2. Ano ang ginagawa ng bida sa bahay ng kanyang Mama? Anu-ano naman ang kanyang ginagawa sa bahay ng kanyang Papa?
3. Paano ipinakita ng bida sa kwento na siya ay masaya sa bahay ng kanyang Mama at bahay ng kanyang Papa?
4. Saan inihalintulad ng kanyang Papa ang dahilan kung bakit hindi sila puwedeng tumira sa iisang bahay? Saan naman inihalintulad ni Mama ang kanyang dahilan?
5. Sa anong pagkakataon / pangyayari nagkasama ang kanyang mama at papa? Ano ang naramdaman ng batang bida sa kwento?


**4. Pagkatapos Bumasa**

a. Pangkatang Gawain
Hahatiin ang klase sa tatlong grupo


**Pangkat 1:** Kulayan at lagyan ng disenyo ang mga bahay ng Mama at Papa ng bida sa kwento




**Pangkat 2:** Gagawa ng Isang Linggong kalendaryo sa pamamagitan ng pagdikit sa araw ng bahay ni Mama o bahay ni Papa




**Pangkat 3**: Sorting Using a Venn diagram (hulahoops): Pagsasamahin ang mga bagay na ginagawa ng mga bida sa bahay ni Mama at ganun din naman ang sa bahay ni Papa




Ibabahagi ng bawat pangkat ang kanilang ginawa sa pamamagitan ng pagsagot sa mga tanong:



Copyright © 2017 by Ayala Foundation


b. Talakayan
   1. Ilan ang bahay ng bida sa kwento? Paano niyo ilalarawan ang kanyang mga bahay? (Ipapakita ng Pangkat 1 ang kanilang ginawa.)
   2. Sa dalawang bahay na mayroon ang ating bida sa kwento, sa anong mga araw siya nasa bahay ni Mama, at anong araw naman siya nasa bahay ni Papa? (Ipapakita ng Pangkat 2 ang kanilang ginawa.)
   3. Anu-ano ang kanilang ginagawa sa bahay ni Mama at anu-ano naman ang ginagawa nila sa bahay ni Papa? Mayroon ba silang ginagawa na magkatulad sa parehong bahay? (Ipakita ng Pangkat 3 ang kanilang HulaHoop Venn diagram)

## V. Paglalapat

Exit Slip: Ang bawat bata ay mayroong 2 maliliit na bahay gawa sa pulang papel para sa bahay ni Mama at asul na papel para sa bahay ni Papa. Sasagutin ang tanong: *Kung kayo ang bida sa kuwento, saan ninyo gustong tumira-- sa bahay ni Mama o sa bahay ni Papa?*

Isusulat ng bata ang kanyang pangalan sa papel na bahay na sumisimbolo sa bahay na kanyang gustong tirhan at ididikit ito sa tsart.

Kung sa parehong bahay ninyo gustong tumira, isusulat ang pangalan sa parehong kulay ng papel at ididikit sa parehong bahay.




Tatawag ng ilang mag-aaral na magbabahagi kung bakit yun ang kanilang napili.

## VI. Pagpapahalaga

1. Ang mga mag-aaral ay uupo kasama ang kanilang mga grupo mula sa engagement activities.
2. Sa kanilang grupo ay gagawa sila ng mga tanong mula sa kwento sa pamamagitan ng paggamit ng “Napaisip ako... (I wonder)…” Malayang sasagutin ng bawat isa sa grupo ang tanong na kanilang ginawa.
3. Ibabahagi sa buong klase ang mga tanong na ginawa ng bawat grupo at pipili ng tanong na nais nilang sagutin mula sa mga naibigay na tanong ng mga grupo.
4. Isusulat ng guro ang mga tanong na ibinigay sa isang tsart na hugis-bahay.
5. Malayang sasagutin ng klase ang mga tanong. Bibigyan ng pagkakataon ang bawat isang sumang-ayon o hindi sumang-ayon sa mga sagot o ideya ng kanilang kaklase. Sa pagkakataong ito, muling ipapaala sa klase ang pakikinig at respeto s a bawat opinion o emosyon ng bawat isa.
6. Matapos ang makabuluhang diskusyon, ipapaalala ng guro ang nais iparating ng kuwento: Walang iisang uri ng pamilya. Hindi nangangahulugan na kung hindi magkasama ang nanay at tatay ay hindi na pwedeng maging masaya ang mga anak. Ang tunay na masayang pamilya ay yung tanggap ang isa’t isa kahit na hindi magkakasama. Ang pagmamahal ng ina o ama sa anak ay hindi nababawasan kung hindi sila magkasama sa iisang bahay.



Copyright © 2017 by Ayala Foundation